Mensahe Lima

## Inihahanda ang Ating Sarili para sa Pagdating ng Panginoon sa pamamagitan ng Pagkakaroon ng Napanauling Pamumuhay at Pagpapagal ng Pagpapastol

Babasahin sa Kasulatan: 2 Cor. 4:16-18; Juan 21:15-17

**I. Upang ihanda ang ating sarili para sa pagdating ng Panginoon, kailangan nating panatilihin ang ating katagumpayan sa pamamagitan ng pagkakakroon ng napanauling pamumuhay, isang pamumuhay na napapabago araw araw (2 Cor. 4:16-18); ang pagpapabagong ito ay dapat mapanariwa bawat umaga (Mat. 13:43; Luc. 1:78-79; Kaw. 4:18; Huk. 5:31):**

A. Dapat nating tamasahin ang Panginoon sa umaga upang magkaroon ng bagong panimula bawa’t araw—Aw. 119:147-148.

B. Bawat umaga ay dapat nating hayaan ang Panginoong Hesus, ang ating Araw, na sumikat sa loob natin upang tayo ay mapabago—Luc. 1:78-79; Mal. 4:2; Huk. 5:31:

1. Dapat tayong bumangon nang maaga upang makipagsalamuha sa Panginoon, at tayo ay maaaring malangin, “Salamat sa Iyo, Panginoon, para sa isang bagong panimula; nawa ang araw na ito ay hindi malilimutang araw sa aking buhay”; ito ang tinatawag nating kada umagang pagpapanauli.
2. Dapat nating ialay si Kristo tuwing umaga bilang ating handog na susunugin at handog ng kapayapaan, batay sa Kanyang pagiging ating handog sa kasalanan, upang magkaroon tayo ng bagong panimula; hindi lamang natin dapat gawin ito araw araw, bagkus dapat nating gawin ito na may katamisan at kalaliman—Lev. 6:12-13.
3. Ang kunin si Kristo bilang ating handog na susunugin tuwing umaga ay ang kunin Siya bilang ang Isa na namuhay ng isang buhay na ganap para sa kasiyahan ng Diyos at bilang ang buhay na nagbibigay kakayahan sa atin na magkaroon ng gayong pamumuhay—Lev. 1:9; 6:12-13; Juan 5:19, 30; 6:38; 7:18 8:29.

C. Upang magkaroon ng isang napanauling pamumuhay, dapat tayong maging mga umiibig sa Panginoon nang lubusan at mamuhay sa Kanya na may araw araw na gol ng pagkakaroon ng lubusang pagtatamasa at pagtatamo kay Kristo—1 Cor. 2:9; 2 Cor. 5:14-15; Fil. 3:14.

D. Dapat tayong maging mga namumuhay ng buhay ng altar at ng tolda—Gen. 12:7-8; 13:3-4, 18:

1. Ang pagpapakita ng Diyos sa atin ay nagreresulta sa ating pag-aalay ng sarili, sinasanhi tayong magtayo ng isang altar; ang altar ay para sa pagsamba sa Diyos sa pamamagitan ng pag-aalay ng lahat ng kung ano tayo at lahat ng tinagtaglay natin sa Diyos para sa Kanyang layunin; ang pagtatayo ng altar ay nangangahulugan na ang ating buhay ay para sa Diyos, na ang Diyos ang ating buhay, at ang kahulugan ng ating buhay ay ang Diyos—Gen. 8:20-21a; Exo. 29:18-22.
2. Ang ipamuhay ang buhay ng tolda ay ang ating deklarasyon na tayo ay mga taga ibang bayan at mga manlalakbay sa lupa na naghahanap ng mas mainam na bayan at masidhing naghihintay para sa lunsod na itinayo ng Diyos, ang Bagong Herusalem—Heb. 11:9-10, 13.

E. Ang magkaroon ng isang pagpapanauli na napapabago araw araw ay ang magkaroon ng transpormasyong sariwa araw araw; kung mananatili tayo sa transpormasyong ito sa buong buhay natin, tayo ay lalago sa buhay ng Panginoon hanggang sa tayo ay gumulang—Roma 12:2; 2 Cor. 3:18; Heb. 6:1a.

F. Tayo ay napapabago araw araw sa pamamagitan ng apat na aytem: ang krus (2 Cor. 4:10-12, 16-18); ang Espiritu Santo na sa pamamagitan nito tayo ay narerekondisyon, muling ginagawa, at muling binabago ng dibinong buhay (Tito 3:5); ang ating pinaghalong espiritu (Efe. 4:23); at ang banal na salita ng Diyos (Efe. 5:26).

G. Kailangan nating dumulog sa mesa ng Panginoon sa kabaguhan (Mat. 26:29); ang Panginoon kailanman ay hindi kumuha ng lumang mesa; kailangan nating mapabago sa pamamagitan ng pagsasabing, “Ipagpaumanhin mo; patawarin mo ko.”

H. Habang tayo ay nasa gitna ng pagdurusa, kailangan nating tanggapin ang mga bagong kahabagan ng Panginoon tuwing umaga upang maranasan natin ang Kanyang pagpapabago; kung hindi, tayo ay mananatiling pareho, at ang pagdurusang dinaraanan natin ay magiging walang saysay—Pan. 3:22-24; Cor. 4:16-18.

**II. Upang ihanda ang ating sarili para sa pagdating ng Panginoon, kailangan nating panatilihin ang ating katagumpayan sa pamamagitan ng pakikibahagi sa makalangit na ministeryo ni Kristo upang pakainin ang Kanyang mga kordero at pastulin ang Kanyang mga tupa upang pangalagaan ang kawan ng Diyos, na siyang ang ekklesia na nagreresulta sa Katawan ni Kristo—Juan 21:15-17; 1 Ped. 2:25; 5:1-4; Heb. 13:20-21:**

A. Kailangan nating pastuin ang mga tao ayon sa tularán ng Panginoong Hesus sa Kanyang ministeryo para sa pagsasagawa ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos—Mat. 9:36; Juan 10:11; Heb. 13:20; 1 Ped. 5:4:

1. Ang hindi natin pagkakaroon ng mapagmahal at mapagpatawad na puso ng Ama at ang nagpapastol at naghahanap na espiritu ng Tagapagligtas ay ang dahilan para sa ating pagkabaog—Luc. 15:1-24.
2. Kailangan nating kandilihin ang mga tao (upang pasayahin sila at makadama sila ng kaluguran at kaaliwan) sa pagkatao ni Hesus (Mat. 9:10; Luc. 7:34); kailangan nating pakainin ang mga tao (upang pakainin sila ng nagpapaloob ng lahat na Kristo sa Kanyang minsiteryo sa tatlong yugto) sa pagkadibino ni Kristo (Mat. 24:45-47).
3. Si Kristo ay dapat dumaan sa Samaria, sadyang nagbago ng ruta patungong Sicar upang tamuhin ang isang imoral na babae, kinakandili siya sa pamamagitan ng paghingi sa kanya upang bigyan Siya ng maiinom upang pakainin siya ng dumadaloy na Tres-unong Diyos bilang ang ilog ng tubig ng buhay—Juan 4:3-14.
4. Bilang ang Isa na walang kasalanan, hindi Niya kinondena ang mapangalunyang babae bagkus kinandili siya para sa kapatawaran ng kanyang mga kasalanan sa pambatas at para sa pagpapalaya mula sa kanyang mga kasalanan sa pang-organiko (Juan 8:1-11, 32, 36); napakamakahulugan na ang unang naligtas ni Kristo sa Kanyang pagkapako sa krus ay isang magnanakaw na sinentensyahan ng kamatayan (Luc. 23:42-43).
5. Nagtungo ang Panginoon sa Jerico upang bumisita at tamuhin lamang ang isang tao, isang punong maniningil ng buwis, at ang Kanyang pagpapahayag ng ebanghelyo ay isang pagpapastol (19:1-10); kinandili Niya rin ang mga magulang sa pamamagitan ng pagpatong ng Kanyang mga kamay sa kanilang mga anak (Mat. 19:13-15).
6. Sa Kanyang pangangalaga para sa mga ekklesia bilang mga gintong patungang ilawan, ang Panginoong umakyat sa langit ay ang “naglalakad na Kristo” at ang “nagsasalitang Espiritu”; sa pamamagitan ng Kanyang paglakad sa gitna ng mga ekklesia, nalalaman Niya ang kundisyon ng bawat ekklesia, at pagkatapos ayon sa kung ano ang Kanyang nakikita, Siya ay nagsasalita sa atin upang ang lahat ng mga banal sa mga ekkesia ay metaboliko at organikong matransporma na may layong gawin silang mga mandaraig—Apoc. 1:12-13; 2:1, 7.

B. Kailangan nating pastulin ang mga tao ayon sa tularan ni apostol Pablo, na nagpastol sa mga banal gaya ng isang sisiwang ina at isang nagpapayong ama upang pangalagaan ang kawan ng Diyos—1 Tes. 2:7-8, 11-12; 1 Tim. 1:16; Gawa 20:28:

1. Pinastol ni Pablo ang mga banal sa Efeso sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila nang “hayagan at sa kada bahay” (b. 20) at sa pamamagitan ng pagpapaalala sa bawat banal na may mga pagluha sa loob ng tatlong taon (bb. 31, 19), dineklara sa kanila ang buong payo ng Diyos (b. 27).

2. Si Pablo ay may matalik na malasakit para sa mga mananampalataya (2 Cor. 7:2-7; Filem. 7, 12), at bumaba siya sa antas ng mga mahina upang matamo niya sila (2 Cor. 11:28-29; 1 Cor. 9:22; cf. Mat. 12:20).
3. Siya ay nagkusang naggugol ng kung ano ang mayroon siya, tumutukoy sa kanyang mga tinatangkilik, at naggugol ng kung ano siya, tumutukoy sa kanyang katauhan, alang-alang sa mga banal (2 Cor. 12:15); siya ay isang handog na inumin, kaisa ni Kristo bilang ang tagagawa ng alak, sinakripisyo ang kanyang sarili para sa pagtatamasa ng iba kay Kristo (Fil. 2:17; Huk. 9:13; Efe. 3:2).
4. Lumakad si Pablo sa pamamagitan ng Espiritu upang parangalan ang Diyos upang maihain niya ang Espiritu upang parangalan ang tao—2 Cor. 3:3, 6, 8; Gal. 5:16, 25; Huk. 9:9.
5. Ipinahiwatig ni Pablo sa kanyang pagtuturo na ang ekklesia ay isang tahanan upang palakihin ang mga tao, isang ospital upang pagalingin sila, at isang paaralan upang turuan at pagtibayin sila—Efe. 2:19; 1 Tes. 5:14; 1 Cor. 14:31.
6. Inihayag ni Pablo na ang pag-ibig ang pinaka-ekselenteng daan upang maging anuman at makagawa ng anuman para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo; ang pag-ibig ay nananaig—8:1; 12:31; 13:4-8a; Efe. 1:4; 3:17; 4:2, 15-16; 5:2; 6:24; Apoc. 2:4-5; Col. 1:18b; 1 Tes. 1:3.

*© 2023 Living Stream Ministry*